

Departamento ng mga Eleksyon

Mga Mahalagang Punto ng Estratehikong Plano



MISYON

Isinasagawa ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng mga pampublikong pederal, estado, distrito, at munisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco sa paraang libre, makatarungan, at gumagana. Responsibilidad ng Departamento ng mga Eleksyon ang pagsasagawa ng mga eleksyon alinsunod sa mga panuntunan at regulasyong itinakda ng pederal, pang-estado, at lokal na mga batas – lalo na ang Voting Rights Act (Batas ng mga Karapatan sa Pagboto), Help America Vote Act (Batas para Tulungang Bumoto ang Amerika), Americans with Disabilities Act (Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan), at ang Language Access Ordinance (Ordinansa sa Paggamit ng Wika) ng Lungsod; ang pagpapanatiling bukas ng proseso na nagdudulot ng kumpiyansa ng publiko sa sistema ng eleksyon; ang pag-abot at pagtuturo sa publiko, at pagpapahusay pa nito, para mapalahok ang mga elihibleng potensiyal na botante sa San Francisco; at ang patuloy na pagpapahusay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng pagpapasimple at pagpapabilis ng mga proseso, at pag-iisip ng mga maaaring kailanganin ng mga botante ng San Francisco.

MGA LAYUNIN AT INISYATIBA

1. Pagtitiyak ng pantay-pantay na aksesibilidad sa mga impormasyon para sa lahat ng residente

Pagbibigay ng pantay na aksesibilidad sa mga programa at materyales para sa lahat ng mga botante at potensyal na magpaparehistro, at patuloy na pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa mga isinaling materyales at serbisyo

2. Pagpapalawak ng mga programa para sa mga bagong nagparehistro

Magbigay ng napapanahong serbisyo at pag-abot sa mga bagong rehistrado, na resulta ng pagpapatupad ng Motor Voter Act (AB 1461) (Batas para sa Nagpaparehistro ng Sasakyan na Maging Botante), kung saan awtomatikong nagre-ehistro ng botante ang Department of Motor Vehicles (DMV) (Kagawaran ng Sasakyang De-Motor)

3. Pangangasiwa ng rehistrasyon para sa kondisyonal na botante

Ipatupad ang mga proseso ng Rehistrasyon para sa Kondisyonal na Botante (AB 1436), na nagpapahintulot sa mga tao na magparehistro at bumoto pagkatapos magsara ng regular na panahon ng rehistrasyon 15 araw bago ang Araw ng Eleksyon

4. Pagpapalit sa sistema ng pagboto ng Lungsod

Pangunahan ang pagpapalit sa kasalukuyang sistema ng pagboto sa pamamagitan ng pagpapaupa ng isang mas bagong sistema habang isinasaalang-alang ng Lungsod ang posibilidad ng pagbuo ng isang open source na sistema ng pagboto

5. Pagpapatupad ng sistema ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na may aksesibilidad

Pagpapatupad ng isang pang-malayong sistema ng pagboto sa pamamagitan ng koreo (AB 2252), na nagpapahintulot sa mga botante na may mga kapansanan at mga nasa militar o naninirahan sa ibang bansa na tumanggap at markahan ang isang balota nang elektroniko, at pagkatapos ay i-print at ibalik ang binotohang balota

6. Pangasiwaan ang pagboto ng hindi-mamamayan

Pagpapatupad ng mga aspeto ng pamamaraan at pagpapatakbo ng botohan sa mga eleksyon para sa Lupon ng Paaralan para sa ilang mga hindi-mamamayan (Proposisyon N), para sa susunod na nakatakdang eleksyon para sa Lupon ng Paaralan sa Nobyembre 2018

7. Pagpapalawak ng mga serbisyo at kagamitang digital

Patuloy na pagpapahusay ng mga serbisyong online at pagpapadali sa paggamit ng website para mapabuti ang karanasan dito ng mga customer, at para matugunan ang lumalaking pangangailangan para sa digital na impormasyon

8. Paglilinanang sa pakikipag-partner sa komunidad

Pagpapalakas ng mga ugnayan sa mga kapartner sa komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kanilang pakikilahok sa mga komite ng mga tagapayo ng Departamento sa Network para sa Impormasyon ng Botante, para mapabuti ang paghahatid ng impormasyon at serbisyo sa mga botante ng San Francisco

9. Pagsasaalang-alang sa pagpapatupad ng Voter's Choice Act (Batas sa Pagpili ng Botante)

Paghahanda at pagbibigay ng impormasyon upang mapadali ang desisyon ng Lungsod kung susundin ba ang mga probisyon ng Voter's Choice Act (Batas sa Pagpili ng Botante) ng California, at pagsasagawa ng mga eleksyon sa ilalim ng isang bagong modelo ng eleksyon simula 2020